# real talk

discipleship made personal

go Viral! EDITION

FILIPINO

**REAL TALK GO VIRAL EDITION FILIPINO**

Copyright © 2020 by Global Leadership Center

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng lathalang ito ang maaaring gayahin, ilagay sa ibang sisidlan, o ilipat sa ibang paraan katulad ng — electronic, mechanical, photocopy, recording, at iba pa, na walang pahintulot ng GLC.

# TALAAN NG NILALAMAN

**Sesyon 1:** Ano nga ba ang pinaka-mahalagang desisyon na maaari mong gawin sa iyong buhay?
Ang Ebanghelyo ni Hesus . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 4

**Sesyon 2:** Ano ang hinihingi sa atin ni Hesus?
Ang Pagka-Panginoon ni Hesus . . . . . . . . . . . . . . . pahina 8

**Sesyon 3:** Sino ang gumagabay sa buhay mo?
Ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo . . . . . . . . . . pahina 10

**Sesyon 4:** Saan mo mahahanap ang seguridad?
Katiyakan ng Kaligtasan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 16

**Sesyon 5:** Nakahanda ka na bang sabihin sa mundo?
Bautismo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 19

**Sesyon 6:** Ano Ang Kasunod
Disiplinang Ispiritwal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 21

**Apendiks:** Mga Talata ng Biblia . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 29

# 1 Ano nga ba ang pinaka-mahalagang desisyon na maaari mong gawin sa iyong buhay?

May tatlong uri ng desisyon ang ginagawa natin sa ating buhay.

**Simpleng desisyon**, katulad ng
“Saan ako kakain?” “Ano ang aking susuotin?”;

**Mahalagang desisyon**, katulad ng
“Anong karera ang dapat kong tahakin?”
o kaya naman ay

**Desisyon na makakapagbago ng direksyon ng iyong buhay**, katulad ng
“Sino ang aking pakakasalan?"

**Ano ang pinaka-mahalagang desisyon na ginawa mo sa buhay mo?**

Ngayon, ikaw ay may pagkakataong gumawa ng **isang desisyon** na makaka-apekto sa papatunguhan ng iyong buhay, sa iyong hinaharap, at sa iyong kaligtasan.

Pero bago tayo tumungo sa pagde-desisyon, talakayin muna natin ang ilang mahahalagang bagay na dapat mong malaman.

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Salita ng Diyos *<br>Juan 3:16<br>Mga Taga-Roma 6:23 |
| **Linawin natin** | Ang Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?<br>Saan ka nabagabag sa mga talatang ito?<br>Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?<br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br>Ano ang natutunan mo sa pagsunod kay Hesus? |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

## BALIKAN NATIN:

1. Mahal na mahal tayo ng Diyos. (Juan 10:10)

2. Tayong lahat ay nagkasala. At ang kaparusahan sa kasalanan ay espirituwal na kamatayan, na nangangahulugang walang hanggang pagkakahiwalay sa Diyos. (Pahayag 21:8)

3. Hindi natin kayang iligtas ang ating sarili. Hindi natin kayang bayaran ang ating mga kasalanan. (Mga Taga-Efeso 2:8-9)

4. Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa atin, ginawan niya ng solusyon ang ating problema: Ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, si Hesukristo, upang bayaran ang ating mga kasalanan. (Juan 14:6)

5. Kailangan nating gumawa ng desisyon na manampalataya kay Hesus, at tanggapin ang Kanyang regalo na buhay na walang hanggan. (1 Juan 5:11-13)

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

**Ano ang nais mong gawin matapos mo malaman ang mga katotohanang ito?**

**Nais mo bang manampalataya kay Hesus para ikaw ay maligtas? Maaari mong dasalin ang panalanging ito:**

*"Panginoong Hesus, salamat sa pag-ibig Mo sa akin. Inaamin ko na ako ay nagkasala sa Iyo. Patawarin mo ako sa aking mga kasalanan. Salamat sa sakripisyo nang namatay ka sa krus para tubusin ang aking mga kasalanan. Ngayon, ipinatitiwala ko ang lahat sa Iyo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Tinatanggap ko ang iyong kaloob na buhay na walang hanggan at isinusuko ko ang aking buhay sa Iyo. Salamat sa kapatawaran ng aking mga kasalanan. Mula sa araw na ito, taos-puso Kitang mamahalin at susundin ang kagustuhan Mo para sa aking buhay. Amen."*

**Kung tinanggap mo ang buhay na walang hanggang kaloob sa iyo ng Diyos, ngayong araw na ito ay makatitiyak ka na ikaw ay makakapasok sa langit (1 Juan 5:11-13), pinatawad na ang mga kasalanan mo – yung mga nagawa mo dati pa, nagagawa mo ngayon at magagawa mo pa sa hinaharap (Mga Taga-Colosas 2:13), at ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hangganat personal na relasyon sa Diyos (Juan 4:12)**

## IBAHAGI NATIN:

**Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?**

2

# Ano ang hinihingi sa atin ni Hesus?

## Ang Pagka-Panginoon ni Hesus

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Salita ng Diyos * <br> Lucas 9:23-24 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos? <br> Ano ang natutunan mo tungkol sa tao? <br> Ano ang natutunan mo tungkol kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | Ang tunay na alagad ni Hesus ay sumusunod sa kanyang utos. (Lucas 6:46; Juan 14:15; Mateo 7:21) <br> Si Hesus ang huwaran ng pamumuhay na may pagsunod. (Mga Taga-Filipos 2:6-8) <br> Ang pagkilala kay Hesus ang magdadala sa atin sa tunay na pagsisisi. (Lucas 5:32) |

* Maaaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

## BALIKAN NATIN:

**Ang pagiging taga-sunod ni Hesus ay magdudulot ng pagbabago ng ating mga buhay. Ilalayo tayo mula sa mga makasariling naisin papunta sa pagnanais na maluwalhati ang Diyos sa ating pamumuhay.**

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

**Kung titingnan mo ang buhay mo ngayon, masasabi mo ba na namumuhay ka ng may pagsunod sa Diyos?**

**Anong agarang pagbabago ang gagawin mo sa buhay upang makasunod ka kay Kristo?**

**Ako ay** ______________________________________________________

## IBAHAGI NATIN:

**Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?**

# 3 Sino ang gumagabay sa buhay mo?

## Ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo

**Sino ang mga tao sa buhay mo na sumuporta sa iyo sa gitna ng mga suliranin at pagsubok?**

**Paano ka nila tinulungan?**

## Seksyon 1: Sino ang Espiritu Santo

**Mahirap ang buhay. Pero alam mo ba na ang mamuhay bilang Kristiyano ay hindi mahirap? Imposible ito! Katunayan, hindi ito arok ng kakayahan ng tao! Kaya naman Si Hesus ay nagpadala Ng makatutulong sa atin – Ang Espiritu Santo!**

**Sino ang Espiritu Santo at papaano Siya nakatutulong para mamuhay bilang isang Kristiyano?**

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br>Juan 14:16-17<br>Juan 16:13-15 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

| | |
|---|---|
| **Pag-usapan natin** | May mga bahagi ba ng mga talatang ito na pumukaw sa iyong atensyon?<br><br>Ano ang nagustuhan mo sa mga talatang ito?<br><br>May mga bumagabag ba sa iyo? Bakit?<br><br>Ano ang mga natutunan mo tungkol sa Espiritu Santo? |
| **Tutukan Natin** | Ang Katotohanan sa Biblia ay ito: Ang Espiritu Santo ay Diyos, ang ikatlong Katauhan ng Trinidad. Mayroon lamang iisang Diyos, subalit Siya ay may tatlong Katauhan: Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo. Ito ang tinatawag na Trinidad o ang "tatlong pinag-isa". Ang Espiritu Santo ay katumbas ng Ama at ng Anak. Sumasaatin ang Espiritu Santo kung tatanggapin natin si Kristo bilang ating Panginoon at Tagapagligtas.<br>Narito ang mga dulot sa atin ng Espiritu Santo:<br><br>• Tinutulungan Niya tayo at pinapayapa. Nasa sa atin Siya at hindi Niya tayo iiwan. (Juan 14:16-17)<br>• Tinutulungan Niya tayong mahubog na katulad ni Kristo (Mga Taga-Galacia 5:22-23)<br>• Ginagawa Niya tayong patotoo sa iba tungkol Kay Jesus (Gawa 1:8)<br>• Binibigyan niya tayo ng panglaban sa kasalanan (Mga Taga-Galacia 5:16)<br>• Binibigyan Niya tayo ng talinong unawain ang mga Salita Ng Diyos (Juan 14:26)<br>• Tinutulungan Niya tayong manalangin ayon sa kagustuhan Ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:26-27) |

## Seksyon 2: Paano tayo mapupuspos ng Espiritu Santo?

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br><br>Mga Taga-Galacia 5:13-25 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo tungkol sa Espiritu Santo?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br><br>Ano ang sinasabi sa atin ng mga talatang ito tungkol sa pamumuhay na may pagsunod sa Diyos? |
| **Tutukan Natin** | Ang Espiritu Santo ang pinagmumulan ng masagana at mabungang buhay-Kristiyano. Kaya naman inuutusan tayo ng Diyos na patuloy na mamuhay na puspos ng Espiritu Santo.<br><br>Ang Biblia ay nagsalarawan ng tatlong (3) uri ng tao:<br><br>• Ang Natural na Tao – Isang taong hindi pa tinatanggap si Kristo (1 Corinto 2:14) |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

| | |
|---|---|
| | • Taong puspos ng Espiritu Santo— Isang taong namumuhay na puspos ng Espiritu Santo (Gawa 13:52)<br><br>• Ang maka-mundong Kristiyano — isang taong nabubuhay sa maka-mundong tawag ng laman. (1 Corinto 3:3)<br><br>Patuloy tayong mapupuspos at mananahan sa atin ang Espiritu Santo kung tayo ay...<br><br>• Mangungumpisal at magsisisi sa mga kasalanang ipinapaalala sa atin ng Espiritu Santo. (1 Juan 1:9)<br><br>• Isuko ang ating sarili at hilingin sa Espiritu Santo na Siya ang manguna sa ating buhay, at sumampalataya sa mga pangako Ng Diyos sa atin. (Mga Taga-Efeso 5:18; 1 Juan 5:14-15)<br><br>• Sa pananampalataya, sundin si Hesus at mamuhay na puspos ng Espiritu Santo sa bawat sandali. (Santiago 1:22) |

# BALIKAN NATIN:

**Ang Espiritu Santo ay Diyos, ang ikatlong persona ng Trinidad.**

**Tinatanggap natin ang Espiritu Santo kung magtitiwala tayo kay Kristo bilang ating Panginoon at Tagapagligtas.**

**Ang Espiritu Santo ang pinanggagalingan ng masagana at mabungang buhay-Kristiyano.**

**Patuloy tayong mapupuspos at mananahan sa atin ang Espiritu Santo kung tayo ay…**

- **Mangungumpisal at magsisisi sa mga kasalanang ipinapaalala sa atin ng Espiritu Santo.**
- **Isuko ang ang ating sarili at hilingin sa Espiritu Santo na Siya ang manguna sa ating buhay, at sumampalataya sa mga pangako Ng Diyos sa atin.**
- **Sa pananampalataya, sundin si Hesus at mamuhay na puspos ng Espiritu Santo sa bawat sandali.**

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

**Gusto mo bang mapuspos ng Espiritu Santo sa mga sandaling ito? Kung oo, maaari kang manalangin sa Diyos at ipahayag mo sa Kaniya ang iyong naisin na sumaiyo ang Espiritu**

*Mahal na Ama,*

*Inaamin ko na ako ang nagdidikta sa aking buhay. Inaamin ko sa Iyo na ako'y nakagawa ng mga kasalanan katulad ng mga sumusunod: ___________________________.*

*Salamat sa kapatawaran sa aking mga kasalanan. Ninanais ko Panginoon na ako ay mapuspos ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Iyong utos, nawa ay manahan sa akin ang Espiritu Santo.*
*Naniniwala ako sa Iyong pangako na ako'y Iyong diringgin sa aking bawat dasal, ayon sa Iyong kagustuhan.. Isinusuko ko sa Iyo ang aking buong buhay. Sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, Ikaw ay aking susundin at mamumuhay ako ng ayon sa Iyong kagustuhan, at sasabihin ko sa lahat ang Iyong kadakilaan. Sa pangalan Ni Hesus, ako'y dumadalangin, Amen.*

**Kung hindi mo pa tiyak na nananahan sa iyo ngayon ang Espiritu Santo, ano ang dapat mong gawin?**

**Ako ay** ____________________________________________

## IBAHAGI NATIN:

**Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?**

4

# Saan mo nahahanap ang seguridad?

## Katiyakan ng Kaligtasan

**Pinapahalagahan natin ang lahat ng akala nati'y nagbibigay sa atin ng seguridad. Sa tingin natin, ang pera, relasyon, katayuan sa buhay, karangyaan, at kapangyarihan, ay sapat na para sa ating seguridad. Sa buhay-Kristiyano, may mga tanong din tayo tungkol sa seguridad: Paano kung magkasala akong muli? Magbabago ba ang aking relasyon sa Diyos? Mapapagod ba ang Diyos na ako'y patawarin? Mawawala ba sa akin ang pinagakong buhay na walang hanggan?**

**Pero ang ating seguridad ay wala sa pakiramdam, wala sa salita ng mga tao, at ni wala rin sa relihiyon — ito ay nasa Diyos mismo, sa Kanyang katapatan, sa Kanyang mga salita, at sa Kanyang mga pangako. May mga pangako ang Diyos na nagbibigay sa atin ng katiyakan, ng seguridad, kung magtitiwala tayo kay Hesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas ng ating mga buhay.**

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br>Juan 1:12<br>1 Juan 1:9 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |

* Maaaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

| | |
|---|---|
| **Pag-usapan natin** | Ano ang iyong natutunan sa mga talata na ito?<br><br>Saan ka nabagabag sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang natutunan mo sa Diyos?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa pagsunod kay Hesus? |

## BALIKAN NATIN:

**Sa bahaging ito, natutunan natin ang pangako ng Diyos na nagbibigay sa atin ng katiyakan ng permanenteng relasyon sa Kaniya bilang ating Dakilang Ama, oras na ilagak natin ang ating tiwala Kay Hesus, bilang ating Panginoon at Tagapagligtas.**

- **Ang Pangako ng PAGKUPKOP – Tiniyak sa atin ng Diyos na kung tayo'y maniniwala at tatanggapin natin ang Kaniyang Anak, ay kukupkupin tayo ng Diyos at ituturing din na anak Niya, na bahagi ng Kaniyang pamilya. Ang relasyong ito ay permanente. (Juan 1:12)**

- **Ang Pangako ng KAPATAWARAN- Ikaw ay pinapatawad ng buong-buo. Lahat ng iyong kasalanan ay pinatawad na—ang mga kasalanan mong nakaraan, ang mga kasalanan mo sa kasalukuyan, at ang magiging kasalanan mo sa hinaharap! (Mga Taga-Colosa 2:13)**

- **Ang Pangako ng PAGBABAGO — Hindi lang tayo pinapatawad ng Diyos, Nakahanda rin Siyang gawin tayong isang bagong tao! Gagawin ka ng Diyos na isang taong naaayon sa kanyang kagustuhan. (2 Mga Taga-Corinto 5:17)**

- **Ang Pangako ng BUHAY NA WALANG HANGGAN – Ayaw ng Diyos na pagdudahan natin ang pangako ng walang hanggang kapalaran. Tinatanggap na natin ang pangako ng buhay na walang hanggan, oras na ilagak natin ang ating tiwala kay Hesus bilang ating sariling Panginoon at Tagapagligtas. (1 Juan 5:11-13)**

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

**Matapos mong mabatid ang aral ngayong araw, isulat ang iyong mga gagawin:**

**Ako ay ________________________________________________**

## IBAHAGI NATIN:

**Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?**

**Ibabahagi ko ang mga katotohanang ito kay ________________.**

5

# Nakahanda ka na bang sabihin sa mundo?

## Bautismo

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br>Gawa 2:38,41 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?<br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br>Ano ang natutunan mo tungkol kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | Ang Bautismo ay paghahayag na hindi na tayo alipin ng kasalanan (Mga Taga-Roma 6:3-6)<br>Ito ay bahagi ng utos ni Hesus sa Kaniyang dakilang misyon (Mateo 28:18-19)<br>Upang makilalang tagasunod ni Kristo, kailangang ipahayag mo na Siya ay iyong Panginoon (Mga Taga-Roma 10:9)<br>Sumisibulo ito sa kung papaanong mula sa kamatayan ay binigyan tayo ng bagong buhay (Mga Taga-Roma 6:12-13) |

* Maaaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

## BALIKAN NATIN:

Kung ilalagak natin ang pananampalataya kay HesuKristo, may nangyayaring pagbabago sa ating ispiritwal na kalagayan. Ang Bautismo sa tubig ay sumisimbulo sa ating pagkilala sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo, sa pamamagitan ng ating pananampalataya sa Kanya. Ito ay pagtalikod sa ating dating makasalanang buhay;
At tayo ay ispiritwal na binabautismuhan ng Kanyang pagkabuhay, sa pamamagitan ng pagyakap sa buhay na malayo sa kasalanan, kasama si Kristo at ang Espiritu Santo. Para mas payak, ang Bautismo ay larawan ng kamatayan patungo sa bagong buhay.

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

Matapos mong matutunan ang lahat ng ito, Masasabi mo ba na ikaw ay buong-buo na namumuhay ng isang buhay na nakasuko sa Diyos?
Matapos ang talakayan ngayong araw, ano ang ipinapangako mong gawin bilang tugon?

Isulat ang iyong gagawin batay sa aral na iyong natutunan.

Ako ay ________________________________________________

## IBAHAGI NATIN:


Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?

6

# Ano ngayon?

## Disiplinang Ispiritwal

**Lahat tayo ay yumayabong sa ating sariling relasyon kay Kristo. Narito ang pagsasalarawan ng mahahalagang elemento sa ating ispiritwal na pagyabong:**




**ANG GULONG NG PAGYABONG,**
INANGKOP MULA SA THE NAVIGATORS

**Talakayin natin ang pagsasalarawang ito upang malaman natin kung paano tayo patuloy na yayabong sa pamamagitan ng relasyon kay Hesus.**

## Seksyon 1: Si Kristo sa sentro

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br><br>Mga Taga-Galacia 2:20 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang bumagabag sa iyo sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa pagsunod kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | 1. Ang kapangyarihan ng isang gulong ay nagmumula sa sentro.<br>2. Kung hahayaan mong si Kristo ang maging sentro ng iyong buhay araw-araw, maayos na tatakbo ang gulong ng iyong buhay.<br>3. Bagamat minsan ay may mga lubak sa buhay, kung si Kristo ang nasa sentro nito, ay hindi matitinag kailanman ang iyong gulong. |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

## Seksyon 2: Pagsunod sa Kapangyarihan ng Espiritu Santo

**Paano mo malalaman ang mga gusto ng Diyos? Pag-aralan natin sa mga talata na ito.**

**ANG ATING PATAYONG RELASYON:**
**Pag-unawa sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at ng Kaniyang mga salita**

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br><br>Mga Taga-Filipos 4:6-7<br><br>2 Timoteo 3:16-17 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang bumagabag sa iyo sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa pagsunod kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | 1. Ang bukas na komunikasyon sa Diyos ay malaking bagay sa pagyabong ng ating relasyon sa Kaniya. |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

| | |
|---|---|
| | 2. Kinakausap natin ang Diyos sa pamamagitan ng pananalangin. Ang panalangin ay direktang pakikisalamuha sa Diyos, ito'y pakikinig at pakikipag-usap sa kaniya mula sa ating puso.<br>3. Ang paraan naman ng Diyos para tayo ay kausapin ay sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Ang regular na pagbabasa ng Kanyang mga salita ay higit na magpapakilala sa atin ng kanyang karakter, puso, gawa, mga plano, at ng kanyang mg utos. |

**ANG ATING PAHALANG NA RELASYON:**
**Pakikipag-kapwa sa iba sa pamamagitan ng Pagpupuri, Pananagutan, at Pagpapatotoo**

| | |
|---|---|
| **Basahin Natin** | Ang Salita ng Diyos *<br>Hebreo 10:24-25<br>Mateo 28:18-20 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |

* Maaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

| | |
|---|---|
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo sa mga talata na ito?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa pagsunod kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | 1. Sa relasyon natin kay Kristo, mahalaga na regular nating nakakasalamuha ang iba pang Kristiyano upang mahikayat at maturuan natin angisa't-isa na mamuhay ng may pagsunod kay Kristo.<br><br>2. Ang pagpapatotoo at pagbabahagi sa iba ng magandang balita ni Hesus ay isang responsibilidad na ibinigay Niya sa ating mga nagtitiwala sa Kanya, na malinaw na magpapatibay ng ating relasyon kay Kristo.<br><br>3. Nasa atin ang pinaka-magandang balita sa lahat, at kailangang malaman din ito ng iba, upang masumpungan din nila ang ligaya at kalayaan na natagpuan natin kay Kristo. |

## Seksyon 3: Ang Buhay ng Pagsamba

| | |
|---|---|
| **Basahin natin** | Ang Salita ng Diyos *<br>Mga Taga-Roma 12:1-2 |
| **Linawin natin** | Sa Aking Pananalita |
| **Pag-usapan natin** | Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol sa tao?<br><br>Ano ang natutunan mo tungkol kay Hesus? |
| **Tutukan Natin** | 1. Habang sinusunod natin ang kagustuhan ng Diyos na mamuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ito ay magbubunga ng isang buhay na puno ng pagsamba.<br>2. Lahat dapat ng ginagawa natin ay nagbibigay lugod sa Diyos, maging sa bahay man, paaralan, maging sa paglalaro. Ito ang tunay na pagsamba. |

* Maaaring hanapin sa Apendiks ang mga talata ng Biblia

## BALIKAN NATIN:

**Sa talakayang ito, natutunan natin kung paanong patuloy na yumabong ang ating relasyon kay Kristo.**
**Sa pamamagitan ng payak na pagsasalarawan ng gulong, napagtanto natin na:**

- **Si Kristo ang dapat na maging sentro ng ating buhay sa araw-araw.**
- **Ang masunuring Kristiyano ay namumuhay ng may pagsunod, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo: pinagtitibay ang kanyang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal at pagbabasa ng Kanyang mga salita, at pinayayabong ang relasyon sa iba sa pamamagitan ng pagpupuri at pananagutan sa piling ng iba pang Kristiyano, at pagbabahagi sa ibang tao ng mga bagay na tungkol Kay Hesus.**
- **Sa pamamagitan ng pagsunod kay Kristo, tayo'y mabubuhay ng may pagsamba. Lahat ng ating ginagawa ay para sa lugod ng Diyos.**

## TUMALIMA: "GAGAWIN KO"

**Matapos mong malaman ang katitohanan, ano ang nakahanda mong gawin?**

**Ako ay ______________________________________________**

## IBAHAGI NATIN:

**Kanino mo ibabahagi ang katotohanang natutunan mo ngayong linggong ito?**

# APENDIKS:
## MGA TALATA NG BIBLIA

### SESYON 1

**Juan 3:16**
*Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

**Mga Taga-Roma 6:23**
*Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.*

### SESYON 2

**Lucas 9:23-24**
*At sinabi niya sa kanilang lahat, "Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin araw-araw ang kanyang krus, at sumunod sa akin.* **24** *Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.*

### SESYON 3

**Juan 14:16-17**
*Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman.* **17** *Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo.*

**Juan 16:13-15**

*Ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo
sa buong katotohanan. Sapagkat ang sasabihin niya ay hindi mula sa
kanyang sarili, kundi ang kanyang narinig; at ipahahayag niya sa inyo
ang mga mangyayari sa hinaharap.* **14** *Pararangalan niya ako sapagkat
tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang ipahahayag niya sa
inyo.* **15** *Ang lahat ng sa Ama ay sa akin, kaya ko sinabing tatanggapin
ng Espiritu ang mula sa akin at ipahahayag niya ito sa inyo."*

**Galacia 5:13-25**

*Mga kapatid, tinawag kayo upang maging malaya. Ngunit huwag
naman ninyong gamitin ang inyong kalayaan upang masunod ang hilig
ng laman, kundi maglingkod kayo sa isa't isa sa diwa ng pag-
ibig.* **14** *Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang
pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa
iyong sarili."* **15** *Ngunit kung kayo'y nagkakagatan at nagsasakmalang
parang mga hayop, mag-ingat kayo at baka tuluyan ninyong sirain ang
isa't isa.*

**16** *Sinasabi ko sa inyo, mamuhay kayo ayon sa Espiritu at hindi ninyo
pagbibigyan ang mga pagnanasa ng laman.* **17** *Sapagkat ang mga
pagnanasa ng laman ay laban sa kagustuhan ng Espiritu, at ang
kagustuhan ng Espiritu ay laban sa mga pagnanasa ng laman.
Magkalaban ang dalawang ito kaya napipigilan kayo sa paggawa ng
nais ninyong gawin.* **18** *Kung pinapatnubayan kayo ng Espiritu, wala na
kayo sa ilalim ng Kautusan.* **19** *Hindi maikakaila ang mga gawa ng
laman: pakikiapid, kahalayan at kalaswaan;* **20** *pagsamba sa diyus-
diyosan, pangkukulam, pagkapoot, pag-aaway-away, pagseselos,
pagkakagalit at kasakiman, pagkakampi-kampi at pagkakabaha-
bahagi,* **21** *pagkainggit, [pagpatay] paglalasing, walang habas na
pagsasaya, at iba pang katulad nito. Muli ko kayong binabalaan: ang
gumagawa ng mga ito ay hindi magkakaroon ng bahagi sa kaharian ng
Diyos.* **22** *Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan,
kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan,
katapatan,* **23** *kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban
sa mga ganito.* **24** *At ipinako na sa krus ng mga nakipag-isa kay Cristo
Jesus ang kanilang laman at ang masasamang hilig nito.*

*[25] Kung binigyan tayo ng buhay ng Espiritu, mamuhay rin tayo ayon sa Espiritu.*

## SESYON 4

**Juan 1:12**
*Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.*

**1 Juan 1:9**
*Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.*

## SESYON 5

**Gawa 2:38, 41**
*[38] Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga*
*kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang*
*kayo'y patawarin; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*
*[41] Kaya't ang mga naniwala sa ipinangaral niya ay nagpabautismo, at*
*nadagdagan ang mga alagad ng may tatlong libong katao nang araw*
*na iyon.*

## SESYON 6

**Galacia 2:20**
*Kaya hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayon sa katawan ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin..*

**Filipos 4:6-7**
*Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng*

*panalanging may pasasalamat. [7] At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.*

**2 Timoteo 3:16-17**

*Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, [17] upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain.*

**Hebreo 10:24-25**

*Sikapin din nating gisingin ang damdamin ng bawat isa sa pagmamahal sa kapwa at sa paggawa ng mabuti. [25] Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon, gaya ng nakasanayan ng iba. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating malapit na ang Araw ng Panginoon.*

**Mateo 28:18-20**

*Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. [19] Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. [20] Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."*

**Roma 12:1-2**

*Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. [2] Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.*

Isang pagpapala ang makausap kita sa Real Talk sa mga linggong nakaraan. Pinahahalagahan ko ang mga oras na magkasama tayo. Purihin ang Diyos sa mga bigay Niyang pagkakataon. Ito ay magandang paglalakbay natin kasama ang Panginoon.